## ACTIVITY

A. Gamit ang mga salitang nakalista sa word bank. Hanapin ang mga salita sa word puzzle. Bilugan o i-highlight ito.

| | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | J | H | E | S | A | T | G | I | L | G | A | P | A | G | A | T |
| N | P | W | N | A | O | N | P | W | L | E | R | A | L | A | P | O |
| B | A | W | N | A | O | G | G | I | N | T | O | N | U | B | D | W |
| T | U | Z | R | M | X | L | C | H | R | I | P | A | G | R | Z | K |
| N | H | C | A | V | U | E | S | D | E | N | J | G | M | I | H | Y |
| A | I | R | A | R | P | A | S | T | O | L | S | I | T | E | L | M |
| B | I | J | O | R | E | A | X | J | P | I | L | N | O | L | F | J |
| A | L | K | J | U | H | T | O | O | A | E | G | I | W | L | E | P |
| S | T | O | Q | A | B | S | H | S | S | N | D | P | T | S | E | R |
| B | I | Z | B | E | T | H | L | E | H | E | M | B | U | R | P | S |
| A | P | U | I | H | Y | T | M | R | E | E | W | S | C | L | O | G |
| S | Y | E | L | K | A | L | U | W | A | L | H | A | T | I | A | N |

### Word Bank

| | | | |
|---|---|---|---|
| Nazareth | Maria | panaginip | anghel |
| kaluwalhatian | tagapagligtas | Jose | pastol |
| Gabriel | Jesus | sabsaban | Bethlehem |

B. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sino ang nagpakita kay Maria upang sabihin na siya ay magdadalang-tao kay Jesus?
   a. Isang hari
   b. Isang pastol
   c. Ang anghel na si Gabriel
   d. Ang punong pari

2. Bakit nagtungo sina Maria at Jose sa Bethlehem?
   a. Upang magtrabaho si Jose
   b. Upang sundin ang utos ni Haring Herodes

c. Dahil sa sensus na iniutos ni Caesar Augustus
d. Upang makita ang mga pastol

3. Kanino sinabi ng mga anghel ang mabuting balita ng kapanganakan ni Jesus?
   a. sa mga pantas
   b. sa mga hari
   c. sa mga pastol
   d. sa mga sundalo

4. Saan nakahiga si baby Jesus nang matagpuan ng mga pastol?
   a. sa crib
   b. sa kama
   c. sa duyan
   d. sa sabsaban

5. Kung ikaw ang isa sa mga pastol at nakita mo ang mga anghel at si Jesus sa sabsaban, ano ang gagawin mo pagkatapos?
   a. Hindi ko ikukuwento kahit kanino
   b. Magsasalita ako sa mga tao tungkol sa nakita ko
   c. Tatahimik ako upang walang makaalam
   d. Magtago ako dahil natatakot ako

Ang mga pastol ay mga ordinaryong tao, ngunit sila ang unang nakarinig tungkol sa pagsilang ni Jesus. Sabik silang pumunta upang makita ang sanggol na si Jesus at pagkatapos ay masayang ikinuwento sa iba ang kanilang nakita.

Ang mga batang tulad natin ay dapat na matuto na madalas na ginagamit ng Diyos ang mga ordinaryong tao tulad natin para gumawa ng mga kamangha-manghang bagay. Gaya ng mga pastol, dapat tayong maging excited na marinig ang ang mabuting balita ng Diyos tungkol sa Kanyang Anak na si Jesus at ibahagi ito sa iba.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Isang malamig na hapon ng Disyembre, magkatabi sina Anna at Ben sa kanilang klase sa Sunday school. Katatapos lamang ikwento ni Teacher Sarah, ang kuwento ng

kapanganakan ni Jesus. Masaya niyang kwinento kung paano isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak, si Jesus, upang ipanganak bilang isang sanggol sa isang simpleng sabsaban. Ipinaliwanag ni Teacher Sarah na si Jesus ay dumating upang ipakita ang pagmamahal ng Diyos at iligtas ang mga tao mula sa kanilang mga kasalanan, upang magkaroon sila ng pagkakataong makasama ang Diyos magpakailanman.

Kumikinang ang mga mata ni Anna habang nakikinig, punong-puno ng galak ang kanyang puso. Gustung-gusto niyang marinig ang tungkol kay Jesus, lalo na ang parte na si Jesus ay dumating para sa mga tao, kahit sino pa sila. Bumulong siya kay Ben, "Di ba't napaka-ganda? Dumating si Jesus para iligtas tayo! Hindi na ako makapaghintay na ikwento ito sa mga kapitbahay namin!"

Pero si Ben ay hindi ganoon ka-excited. Kumibit-balikat siya at tumingin sa bintana. "Oo nga, pero parang isa lang itong kwento," sabi niya nang mahina. Hindi niya maintindihan kung bakit sobrang saya ni Anna tungkol dito. "Bakit ko naman ito dapat ikuwento? Hindi naman magbabago ang buhay ko dahil sa isang sanggol na ipinanganak libu-libong taon na ang nakaraan."

Napaisip si Anna at nagtaka sa hindi pagpapahalaga ni Ben. Naalala niya ang sinabi ng kanyang nanay: minsan, kailangan ng mga tao ng kaunting tulong upang maintindihan ang mga bagay. "Pero Ben, hindi mo ba nakikita? Hindi lang sila ang pinagdalhan ni Jesus. Dumating din Siya para sa atin! Dahil mahal Niya tayo."

Tiningnan siya ni Ben, pero hindi pa rin kumbinsido. "Parang mahirap lang intindihin. Oo, maganda yung kwento, pero hindi ko makita kung bakit ito mahalaga ngayon."

Ngumiti si Anna. "Alalahanin mo yung sinabi ni Teacher Sarah na si Jesus ay parang regalo. Sabi ng nanay ko, minsan hindi mo makikita kung gaano kaganda ang isang regalo hangga't hindi mo pa ito binubuksan. Baka hindi mo pa naiintindihan ang ibig sabihin ng regalong ito para sa iyo. Gusto ni Jesus na maging kaibigan ka at tulungan ka araw-araw."

Napaisip si Ben, pero hindi na siya nagsalita habang pauwi sila mula sa klase. Si Anna naman, hindi mapigil ang kanyang tuwa. Tumakbo siya sa unahan, binabati ang mga kapitbahay at kahit ang mga pamilya sa park, at ikinukwento ang kapanganakan ni Jesus at kung paano Siya dumating upang iligtas ang mga magtitiwala sa Kanya. Pakiramdam niya ay may dala siyang pinakamahalagang balita, at hindi siya makapaghintay na ibahagi ito sa kahit sino.

Kinagabihan, habang kumakain ng hapunan ang pamilya ni Ben, tinanong siya ng kanyang nanay, "Ano ang natutunan mo sa Sunday school ngayon?"

Nag-alangan si Ben, naalala ang sigla ni Anna. "Pinag-usapan namin ang kapanganakan ni Jesus," sagot niya. "Sobrang saya ni Anna tungkol doon. Sabi niya dumating si Jesus para sa atin dahil mahal Niya tayo."

Ngumiti ang kanyang nanay. "Tama iyon, Ben. Ang pagdating ni Jesus sa mundo ay hindi lang basta kwento. Isa itong regalo para sa ating lahat, pati ikaw. Baka isang araw, maintindihan mo kung gaano ito kahalaga."

Hindi na nagsalita si Ben pagkatapos noon, pero habang nakahiga siya sa kanyang kama, hindi niya mapigilang isipin ang sinabi ni Anna at ng kanyang nanay. Kung si Jesus ay dumating dahil mahal Siya nito, baka nga mahalaga ito?

Sumunod na Linggo, papalapit na ang Pasko, tinanong ni Teacher Sarah ang klase kung sino ang gustong magkwento ng kapanganakan ni Jesus. Bago pa man makapagtaas ng kamay si Anna, isang nakakagulat na bagay ang nangyari. Biglang tinaas ni Ben ang kanyang kamay.

"Pwede po ba ako?" tanong ni Ben, medyo nanginginig ang boses.

Ngumiti si Teacher Sarah. "Siyempre, Ben!"

Tumayo si Ben, kinakabahan at mabilis ang tibok ng puso, at nagsimulang ikwento ang kapanganakan ni Jesus sa klase—kung paano ipinanganak si Jesus sa sabsaban, kung paano inihayag ng mga anghel ang Kanyang kapanganakan sa mga pastol, at kung paano naglakbay ang mga pantas mula sa malayong lugar upang magdala ng mga regalo para sa Kanya. Sa una, kinakabahan siya, pero habang nagkukuwento, unti-unting may nagbago sa kanyang puso. Narealize niya na hindi lang siya nagkukuwento—ibinabahagi niya ang isang mahalagang mensahe.

"At hindi lang sila ang pinagdalhan ni Jesus," sabi ni Ben, tumingin sa kanyang mga kaklase. "Dumating din Siya para sa atin. Dahil mahal Niya tayo at gusto Niya tayong makasama."

Nakangiti si Anna mula sa kanyang upuan, at pinalakpakan ni Teacher Sarah si Ben. "Napakaganda ng pagkukuwento mo, Ben!"

Pagkatapos ng klase, tumakbo si Anna papunta kay Ben, puno ng saya. "Ben! Ang galing mo! Ano ang nagpaiba ng isip mo para magkwento?"

Ngumiti si Ben, medyo nahihiya. "Siguro naisip ko lang na hindi lang ito basta kwento. Dumating si Jesus para sa akin, din. At sa totoo lang... parang ang saya lang isipin na mahal Niya ako ng ganoon."

Kumikinang ang mga mata ni Anna. "Tama ka! Di ba't napakagandang balita?"

Tumango si Ben. "Oo, sa tingin ko nga. Buti na lang tinulungan mo akong makita iyon, Anna."

Simula noon, nagbago na ang pananaw ni Ben. Tulad ni Anna, naintindihan na niya ang kahalagahan ng kapanganakan ni Jesus, at hindi na siya makapaghintay na ibahagi ito sa iba. Magkasama nilang ginugol ang nalalabing panahon ng Pasko sa pagsasabi sa lahat ng kanilang makikilala tungkol sa pinakamahalagang regalo—si Jesus, na dumating upang iligtas tayo.

Mga tanong:

- Anong kapana-panabik na kuwento ang natutunan ni Anna sa Sunday school?

  ______________________________________________________________________

- Sa palagay mo, bakit nasasabik si Anna na sabihin sa iba ang tungkol sa pagsilang ni Jesus?

  ______________________________________________________________________

- Ano ang naramdaman ni Ben sa kuwento noong una?

  ______________________________________________________________________

- Bakit nagbago ang isip ni Ben tungkol sa kuwento sa huli?

  ______________________________________________________________________

- Ibinahagi ni Anna ang kuwento ni Jesus sa mga tao sa paligid niya. Mayroon bang isang tao sa iyong buhay na nais mong ibahagi ang kuwentong ito? Paano mo sasabihin sa kanila ang tungkol dito?

  ______________________________________________________________________

Ang sigasig ni Anna sa pagbabahagi ng kuwento ng pagsilang ni Jesus at ang kahulugan ng Pasko ay nagpapakita ng kanyang pag-unawa sa pag-ibig ng Diyos sa mga nagtitiwala sa Kanya. Nagpakita din siya ng pasensya sa pagpapaliwanag kay Ben noong una na hindi nito maunawaan ang kahalagahan ng pangyayaring ito. Tulad ni Anna, ang mga batang tulad natin ay dapat na maging masigasig at sabik na ibahagi ang kwentong ito ni Jesus at ang iba pang mga natutuhan natin sa Bible kahit hindi natin makita ang kaparehong kasabikan sa ating mga kinakausap.



D. Memory Verse

Magsisilang siya ng isang batang lalaki at Jesus ang ipapangalan mo sa sanggol sapagkat ililigtas niya ang kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan. **Mateo 1:21**